

Araw ng
Sports
Oktubre 12



Pahayagan ng Yaizu



Oktubre (10 月 Ju gatsu) / 2026 (令和 8 年 Reiwa 8 nen) / ¥0

Yaizu City Hall (Yaizu Shiyakusho)

Seksyon ng Promosyon sa Pakikipagtulungan (Kyodo Suishin-ka)

〒425-8502 Yaizu-shi Honmachi 2-16-32 Yaizu City Hall Main branch 3rd floor

TEL: 054-626-2191 <https://www.city.yaizu.lg.jp/>

Koho Yaizu Bersyon sa Tagalog

Iskedyul ng Interpreter

【Munisipyo Main Building】 English: Lunes, Myerkules, Biyernes 9:00am~3:00pm

Tagalog/Bisaya/Portuguese: Lunes, Martes, Huwebes, Biyernes 9:00am~4:30pm

Spanish: Lunes, Miyerkules~Biyernes 9:00am~4:30pm ※Walang Interpreter: 12noon~1:00pm.

【Oigawa Building】 Portuguese: Oktubre 1 & 15 (Una at Ikatlong Huwebes) 9:30am~11:30am/

Tagalog • Bisaya: Oktubre 8 & 22 (Ikalawa at Ikaapat na Huwebes) 9:30am~11:30am

■ After-school Kid's Club Pag-aapply at Oryentasyon para sa Paggamit sa bagong School Year

Hokago jido kurabu shinnendo riyou moushikomi setsumeikai

Simula Abril 2027, Kung nais ninyong ipasok ang inyong anak sa **After School Kid's Club** (Hokago Jido Kurab), Siguraduhing dumalo sa pulong sa pagpapaliwanag. Para sa **Araw at Oras** ng gaganaping pagpupulong, mangyaring magtanong sa Club. Kung mayroong hindi naintindihan, bisitahin ang Official Website ng Lungsod o magtanong sa Dibisyon ng Suporta sa Pamilya (Katei Shien-Ka)



Is-can para sa
karagdagang detalye

【Mga Kwalipikado】 Mga Magulang o Guardian na may anak na nag-aaral sa elementarya at wala sa bahay tuwing tanghali dahil sa trabaho o iba pang dahilan.

【Bayad sa Paggamit】 Mga ¥10,000 bawat buwan

【Oras ng paggamit sa karaniwang araw】 Hanggang 6:30pm

【Paraan ng Pag-Apply】 Isulat ang kinakailangang impormasyon sa application form na makukuha sa club at Isumite ito sa Club.

【Mapagtatanungan】 Dibisyon ng Suporta sa Pamilya (Katei Shien-Ka) ☎054-631-6978



■ Magsisimula ang Eksemsyon sa Kontribusyon sa Pambansang Pensiyon para sa Pag-aalaga ng Bata

Kokumin nenkin hokenryo no Ikuji menjo seido hajimaru

Simula Oktubre, magsisimula ang sistema kung saan maaaring magkaroon ng eksemsyon (menjo) sa kontribusyon sa pambansang pensiyon (Kokumin Nenkin Hokenryo) ang mga indibidwal na nag-aalaga ng batang nasa 0 taong gulang at pasok sa lahat ng kondisyon sa ibaba. Kailangan mag-apply ang mga kwalipikadong indibidwal para makakuha ng eksemsyon (menjo)

【Mga kwalipikado】 • Mga miyembro ng Unang Kategoriya ng Pambansang Pensiyon

(Mga may edad 20 ~ 59 taong gulang na Self-employed, Farmer, Estudyante, walang trabaho at iba pa)

• Nag-aalaga ng Batang 0 taong gulang mula Oktubre 1, 2026 pataas.

• Dokumentong nagpapatunay ng ugnayan bilang magulang at anak.

• Dapat magkasamang nakatira ang magulang at anak

【Panahon ng eksemsyon】 Hanggang sa buwan bago sumapit ang buwan ng unang kaarawan ng anak o ampon.

【Mga kailangan dalhin sa pag-proseso】 Pension Handbook (Nenkin Techo) (Abiso ng Basic Pension Number / Kiso Nenkinbango Tsuchisho), Dokumentong nagpapatunay ng pagkakakilanlan (Honin Kakurin) / My Number Card, Mga dokumentong nagpapatunay ng ugnayan ng magulang at anak at iba pa. Para sa karagdagang detalye, magtanong po lamang.



【Mapagtatanungan】 Seksyon para sa Pambansang Health Insyurans at Pensiyon (Kokuho Nenkin-ka) ☎054-626-1114

■ Pagpasok ng Child Allowance Jido teate no furikomi

Ang Child allowance ay ide-deposito sa Oktubre 14 (Martes). Ang benipisyo para sa buwan ng Agosto, 2026 hanggang Setyembre 2026 ay ide-deposito sa bangko ng tatanggap ng benipisyo.

【Mapagtatanungan】 Dibisyon ng Suporta sa Pagpapalaki ng Bata (Kosodate Shien-ka) ☎054-626-1137

■ Pagbabayad ng Buwis ng Lungsod Shizei no nofu

Mangyaring bayaran ang Residence Tax (Regular Collection) 3rd term at Buwis ng National Health Insurance 4th term (Kokumin Kenko Hokenzei) hanggang sa Nobyembre 5 (Huwebes).

Maari itong bayaran sa bangko, convenience store, Smart phone payment app at iba pa.

【Mapagtatanungan】 Seksyon para sa Pagkokolekta ng Bayad sa buwis (Nozei Sokushin-ka) ☎054-626-2147



Is-can para sa karagdagang detalye

■Subsidiya sa Gastos ng Pagpapabakuna sa Influenza para sa mga Bata Kodomo no infuruenza wakuchin hiyo no josei

Sasagutin ng Lungsod ang bahagi ng gastos sa pagpapabakuna sa Influenza para sa mga batang hanggang nasa 3rd Year Junior High School.
[Mga Kwalipikado] Mga batang hanggang 3rd Year Junior High School na nakarehistro bilang residente ng Lungsod ng Yaizu.

[Panahon ng Pagpapabakuna] hanggang **Marso 31,2027**(Miyerkules)

[Halaga ng Subsidiya] **Inactivated vaccine** (*Fukatsuka Wakuchin*) **¥1,000** bawat isang bakuna
Live-Attenuated Vaccine (*Keibinama Wakuchin*) **¥2,000** bawat isang bakuna
 (Sasagutin ng Lungsod ang buong halaga ng gastos para sa mga pamilyang tumatanggap ng tulong sa pang-araw-araw na pamumuhay(*Seikatsu Hogo*))



[Bilang ng Beses na may Subsidiya] Para sa mga hanggang **Grade 6** sa **Elementarya**, depende sa uri ng bakuna, **1** o **2** na beses bawat bata, at para naman sa mga Junior High School ay **1** beses bawat bata.

[Paraan ng pag-apply] Mag-apply sa mga tinukoy na mga Ospital. Ibabawas ang subsidiya at ang natitirang halaga ay babayaran ninyo. Kung magpapabakuna sa hindi tinukoy na mga ospital ay kailangan munang bayaran ang **100%** na halaga. Pagkatapos, puntahan at gawin ang proseso sa Dibisyon Pag-aalaga sa Kalusugan (*Kenko ukuri-Ka*) (**Atore Building**) para ibalik sa inyong bank account ang halaga ng subsidiya.

[Mga dadalhin sa Ospital] ①Health Handbook ng Mag-ina(*Boshi Kenko Techo*) ②Selyo(*Inkan*)
 ③Sertipiko ng Benipisyaryo para sa Gastusing Medikal ng Bata (*Kodomo Iryohi Jyukyushasho*), o iba pang dokumento kung saan nakasulat ang tirahan at edad ng bata.
 ④Sertipiko ng katibayan na tumatanggap ng tulong sa pamumuhay(*Seikatsu Hogo Jyukyu Shomeisho*) (para lamang sa pamilyang tumatanggap ng tulong sa pamumuhay)



■Subsidiya sa Gastos ng Pagpapabakuna para sa mga Nakakatanda Koreisha no wakuchin hiyo no josei

Maaaring tumanggap ng mga sumusunod na bakuna.

Uri ng Bakuna	Influenza Vaccine (<i>Infuruenza Wakuchin</i>)	CoVid-19 Vaccine (<i>Shingata Coronavirus Wakuchin</i>)
Mga kwalipikado (Mga matatandang pasok sa kondisyon na nasa ① o ② sa kanan)	①Mga taong 65 taong gulang na nakatira sa loob ng Lungsod ng Yaizu. ②Mga taong 60~64 taong gulang na nakatira sa loob ng Lungsod ng Yaizu at may malubhang kapansanan tulad ng sakit sa puso, sakit sa bato, respiratory impairment o may mahinang immune system dahil sa Human Immunodeficiency Virus(HIV) at mga may pisikal na kapansanan(Mayroong Physical Disability Handbook, Antas 1) ★Kailangang nasa kwalipikadong edad na sa araw ng pagpapabakuna.	
Mga dadalhin	• Driver's License o My Number Card at iba pang dokumento kung saan makukumprima ang tirahan, pangalan at edad. • Sertipiko ng katibayan na tumatanggap ng tulong sa pamumuhay (<i>Seikatsu Hogo Jyukyu Shomeisho</i>) (para lamang sa mga pamilyang tumatanggap ng tulong sa pamumuhay), • Physical Disability Handbook (<i>Shintai Shogai Techo</i>)(Para lamang sa mga taong kabilang sa ② na nasa itaas)	
Panahon	Hanggang Pebrero 28,2027 (Linggo) ※Dumede depende sa Ospital, maaaring magkakaiba ang mga panahon ng pagpapabakuna.	
Mga halagang babayaran sa Ospital	¥1,650 (Libre ang mga pamilyang kabilang sa tumatanggap ng tulong sa pamumuhay (<i>seikatsu hogo</i>))	Mga 65~74 taong gulang ay ¥8,000 Mga 75 taong gulang pataas ay ¥3,800 . Mga 60~74 taong gulang na may malubhang kapansanan tulad ng sakit sa puso, sakit sa bato, respiratory impairment o may mahinang immune system dahil sa Human Immunodeficiency Virus(HIV) at mga may pisikal na kapansanan (Mayroong Physical Disability Handbook, Antas 1) ay ¥3,800 (Libre naman ang mga pamilyang kabilang sa tumatanggap ng tulong sa pamumuhay (<i>seikatsu hogo</i>))
Lugar ng Pagbabakuna	Mga Ospital sa Lungsod ng Yaizu, Lungsod ng Fujieda at iba pa. ※Para sa detalye ,tingnan an official website ng lungsod o magtanong sa Health Center (<i>Hoken Senta</i>)	



[Influenza]



[CoVid-19]

[Mapagtatanungan] Dibisyon sa Pag-aalaga ng Kalusugan (*Kenko Tsukuri-Ka*) (Health Center(*Hoken Senta*)) ☎054-627-4111
 Magtanong para sa karagdagang detalye.

■Suportang Benipisyaryo para sa mga Pensiyonado Nenkin seikatsusha shien kyufukin

Ang suportang benipisyo para sa mga tumatanggap ng pensyon (*Nenkin seikatsusha shien kyufukin*) ay ibinibigay sa mga taong mababa ang natatanggap mula sa pensiyon o iba pang pinagkukunan na kita at pasok sa mga sumusunod na kondisyon.

Para sa mga bagong kwalipikado, nagsimulang magpadala ng abiso bandang Setyembre.

Mangyaring i-check ang nilalaman at gawin ang kinakailangang proseso.mangyaring magtanong para sa karagdagang detalye.

[Mapagtatanungan] Japan Pension Service(*Nihon Nenkin Kiko*) Matatawagan tungkol sa Benipisyo (*Kyufukin Senyo Dial*) ☎0570-05-4092

[Mapagtatanungan] Dibisyon sa Insyurans at Pension (*Hoken Nenkin-Ka*) ☎054-626-1114

■Naghahanap ng mga Nais Mag-aral sa Fujinokuni Junior High School ng Shizuoka Prefecture

Fujinokuni chugakko ni nyugaku shitai hito boshu ■

Ang paaralang ito ay para sa mga taong hindi nakapag-aral ng Junior High School sa Japan o sa ibang bansa at sa mga nais makapag-aral muli. Ang pag-aaral ay ginaganap sa gabi.

Maaaring mag-aral ang anumang edad at nasyonalidad.

Naghahanap ng nais mag-aral simula **Abril 2027**.

[Panahon ng Pagtanggap] Oktubre 26, 2027 (Lunes) hanggang Nobyembre 2 (Lunes)

Para sa karagdagang detalye, I-check dito → <https://fujinokuni-jhs.jp>

[Mapagtatanungan] Board of Education ng Shizuoka Prefecture (Shizuoka-ken Kyoiku Inkai)

Dibisyon sa Kompulsaryong Edukasyon (Gimu Kyoiku-Ka) ☎054-221-3140



Fujinokuni Junior
High School Website



■【Ika-75 Anibersaryo ng Lungsod】 Yaizu Marine Festival Yaizu kaijo hanabi taikai ■

[Petsa(Araw/Oras)] Oktubre 24 (Sabado) 6:30 pm~8:00pm

[Lugar] Yaizu Fishing Port-New Port (Yaizu Gyoko-Shinko)
(15 minutong lakad mula sa South Exit ng Yaizu Station)

※Kapag umulan ng malakas, kakanselahin po ito.

※May mga kalsadang malapit sa venue na hindi pwedeng daanan
ng sasakyan sa mismong araw ng fireworks festival.

[Mapagtatanungan] Tanggapan ng Komite na Namamahala sa Yaizu Marine Fireworks Festival

(Yaizu Kaijo Hanabi Taikai Jikko Inkai Jimukyoku) (Sa loob ng Yaizu City Tourism Association (Yaizu shi Kanko Kyokai)) ☎054-626-6266

※Sa mismong araw ng festival, mula 9:00am~8:00pm ay naka-automated voice service ang pagbibigay impormasyon ☎050-3665-1338



■大井川フェア 2026 Oigawa Fair 2026■

May mga tindahan ng pagkain at iba pa na mula sa mga kumpanya at welfare organization sa Lungsod ng Yaizu. Sa Stage, magkakaroon ng Dance performance at iba pang pagtatanghal. Isa itong festival kung saan mararanasan ang kagandahan at saya ng Oigawa.

[Petsa(Araw/Oras)] November 3 (Public Holiday) 9:00am~1:00pm (naka-iskedyul)

※Magsisimula ang pagbebenta sa 9:30am~

[Lugar] Oigawa Community Exchange Center (Oigawa Chiki Koryu Senta)
& Oigawa Cultural Hall Musico (Oigawa Bunka Kaikan Myujiko)

[Mapagtatanungan] Tanggapan ng Komite na Namamahala sa Oigawa Fair (Oigawa Fair Jikko Inkai Jimukyoku) ☎054-622-3111



はあとふる Yaizu Hatofuru Yaizu

Ang 「はあとふる Yaizu」 ay pinakamalaking International Exchange Event ng Lungsod ng Yaizu at ito ay gaganapin muli ngayong taon. Ang lokasyon ngayon taon ay gaganapin sa Oigawa.

Magsasama-sama ang mga artist at dance team mula sa loob at labas ng lungsod. Maaari kayong bumili ng pagkain at iba't ibang produkto mula sa iba't ibang bansa. Maaari din kayong makaranas ng Kultura ng Japan.

Ang mga detalye ay iaanunsyo sa 「Pahayagan ng Yaizu (Koho Yaizu) Pang-Nobyembre」 at sa Official Homepage ng Lungsod. Abangan at tangkilikin po natin ito.

※Naghahanap po kami ng Volunteer staff. Sa mga interesadong mag-volunteer, Paki-tingnan sa Homepage (Deadline: **Oktubre 20**)

<https://www.city.yaizu.lg.jp/event/info-00659.html>

[Petsa(Araw/Oras)] Nobyembre 22 (Linggo) 11:30am~3:00pm

[Lugar] Oigawa Cultural Hall Musico (Oigawa Bunka Kaikan Myujiko)
& Oigawa Community Exchange Center (Oigawa Chiki Koryu Senta)

[Mapagtatanungan] Yaizu International Friendship Association (Yaizushi Kokusai Yuko Kyokai) ☎054-626-2191

(Yaizu City Hall (Yaizu Shiyakusho) Seksyon ng Promosyon sa Pakikipagtulungan (Kyodo Suishin-ka))



←Hatofuru Yaizu Website



Nilalaman ng Konsultasyon	Petsa(Araw) at Oras	Mapagtatanungan	Mga Detalye
Konsultasyon tungkol sa pagbabayad ng buwis [Oktubre]	[Lunes~Biyernes] 8:30am~12:00noon, 1:00pm~4:30pm [Gabi ng Huwebes] 5:15pm~7:00pm←Walang interpreter Oktubre 1, 8, 15, 22, at 29 [Linggong Konsultasyon] Oktubre 25 9:00am~12:00noon	Tax Payment Collection Division (Nozeisokushin-ka) ☎054-626-1140 ☎054-626-2148	Kung hindi kayang mabayaran ang buwis bago ang deadline,puntahan para sa konsultasyon. ※May interpreter Tagalog, Bisaya, English, at Portuguese tuwing linggo.
VISA	Lunes~Biyernes 8:30am~5:15pm	Sentro ng impormasyon para sa mga dayuhang residente(Nagoya) ☎0570-013904	Mga proseso para sa pagpasok sa bansa at Visa (English, Korean, Chinese, Spanish at iba pa.)

Mga Ospital at Botika na bukas tuwing Linggo at Public Holiday(Oktubre)

[Oras: 8:30am-5:00pm <Ang may markang ☆ ay 9:00am~5:00pm> Ang Dentista ay 9:00am-3:00pm]

※May pagkakataong magbago.



[Oktubre 4 (Linggo)]

NAI-KA(Internal medicine) Sato iin (Tajiri) ☎624-4804 **SHONI-KA(Pediatrics)** Koga clinic (Daikakuji 2) ☎631-7289

GE-KA(External Medicine/Surgery) Yaizu ekimae seikei geka riumachi rihabiri clinic (Nakaminato 1) ☎621-5511, Kanbe seikei geka☆(Munadaka) ☎622-3399

SHI-KA(Dentistry) Daiei shika iin (Daieicho 2) ☎629-2299

YAKKYOKU(Pharmacy) Flower yakkyoku tajiri-ten (Tajiri) ☎656-3755, Daikakuji yakkyoku (Daikakuji 2) ☎629-3789, Yabuzaki yakkyoku (Omurashinden) ☎628-8503, Oigawa yakkyoku (Munadaka) ☎662-1762

[Oktubre 11 (Linggo)]

NAI-KA(I M) Hirai iin☆(Kamiizumi) ☎622-9070 **NAI-KA(I M)/SHONI-KA(Pediatrics)** Ishikawa iin (Tajiri) ☎624-4321

NAI-KA/GE-KA(E M/Surgery) Community hospital koga byoin (Daikakuji 2) ☎628-5500 **JIBI-KA (Otolaryngology/ENT)** Matsunaga jibi inkoka clinic

☆(Fujieda-shi Ekimae 2) ☎645-3387 **SHI-KA(Dentistry)** KEN dental clinic (Yosoji 2) ☎656-1173 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Daikakuji yakkyoku

(Daikakuji 2) ☎629-3789, Yunisumairu yakkyoku Tajiri-ten (Tajiri) ☎656-2233, Nishina yakkyoku oigawa-ten (Kamiizumi) ☎662-0862

[Oktubre 12 (Lunes / Public Holiday)]

NAI-KA(I M) Yamanote clinic (Sekigata) ☎620-1911 **NAI-KA(I M)/SHONI-KA(Pediatrics)** Shinohara iin (Honmachi 5) ☎628-3070, Sakurai

iin☆(Kamishinden) ☎622-0122 **GE-KA(E M/Surgery)** Okubo iin (kamikosugi) ☎622-2500 **JIBI-KA (Otolaryngology/ENT)** Tanaka jibika (Oyaizu)

☎621-5888 **SHI-KA(Dentistry)** Kawasaki shika iin (Ekikita 1) ☎627-8809 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Yaizu nozomi yakkyoku (Sekigata) ☎621-5995,

My yakkyoku (Kamikosugi) ☎662-1677, Sakura yakkyoku yaizu oyaizu-ten (Oyaizu) ☎620-7500, Nishijima yakkyoku (Ekikita 2) ☎628-7061, Donguri yakkyoku oigawa-ten (Kamishinden) ☎622-3408

[Oktubre 18 (Linggo)]

NAI-KA(I M) Nogaki clinic (Ishizu2) ☎656-0101 **SHONI-KA(Pediatrics)** Nakagami iin (Nakashinden) ☎623-0805 **GE-KA(E M/Surgery)** Kanai

seikeigeka (Omura 2) ☎621-1211 **SANFUJIN-KA(OB-GYN)** Okamoto ishii byoin (Kogawashinmachi 5) ☎627-5585 **JIBI-KA (Otolaryngology/ENT)** Amano

jibi inkoka clinic☆(Fujieda-shi Tanaka 3) ☎646-3313 **SHI-KA(Dentistry)** Masui shika iin (Tajiri) ☎623-1281 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Yotsuba

yakkyoku (Ishizu2) ☎625-0005, Friend yakkyoku (Nakashinden) ☎624-9390, Yukari yakkyoku (Omura 2) ☎626-5000

[Oktubre 25 (Linggo)]

NAI-KA/SHONI-KA Nakayama clinic (Shimooda) ☎623-0090 **NAI-KA/GE-KA/JIBI-KA/GAN-KA** Okamoto ishii byoin (Kogawashinmachi 5)

☎627-5585 **GE-KA(E M/Surgery)** Yoshida iin☆(Riemon) ☎622-0108 **SHI-KA(Dentistry)** Akahori shika iin(Yoshinaga) ☎622-5800

YAKKYOKU(Pharmacy) Yunisumairu yakkyoku Ishizu-ten(Ishizuminatocho) ☎623-9311, Oigawa fureai yakkyoku (Riemon) ☎662-0411

Mga Ospital na bukas sa Gabi (Yakan Shinryo Iryo Kikan)

Lugar:Sentro ng Pang-emerhensiyang Medikal ng Shida·Haibara (Shida·Haibara Chiiki Kyukyu Iryo Senta)

(Fujieda Shi Setoaraya 362-1) ☎054-644-0099 **Departamento:** **NAI-KA**(Internal Medicine) at **SHONI-KA**(Pediatrics)

Oras: Lunes~Biyernes : 7:30pm~10:00pm / Sabado at Linggo: 7:30pm ~ 7:00am ng kinaumagahan)

※Sa mga sumusunod na Petsa(Araw), ang **pediatrics(shoni-ka)** lamang ang bukas pagkalipas ng alas-10:00 pm.

<Oktubre 3 (Sabado), 11 (Linggo), 17 (Sabado), 25 (Linggo), 31(Sabado)>

Mga dadalhin:

- Kahit isa sa alinman sa **Mynu-insurance(Maina Hokensho)** o Sertipiko ng patunay ng kwalipikasyon (**Shikaku Kakuninsho**),
- Sertipiko ng benipisyo sa gastusing medikal ng bata(**Kodomo Iryohi Jukyushasho**) o Health HandBook ng Mag-ina (**Boshi Techo**) atbp.
- Handbook ng mga iniinom na Gamot(**Okusuri Techo**)